栃木県重点戦略

# とちぎ未来創造プラン

2021-2025

Mga Pangunahing Diskarte ng Prefecture ng Tochigi

# Tochigi Mirai Sozo Plan

2021−2025

人が育ち、地域が活きる　未来に誇れる元気な“とちぎ”

Tochigi: isang masigla at maipagmamalaking prefecture sa hinaharap, kung saan puwedeng mamuhay ang mga tao at puwedeng umunlad ang rehiyon

栃木県

Prefecture ng Tochigi

# Introduksyon

## Papel

Ibinabalangkas ng “Tochigi Mirai Sozo Plan” ang mithiin sa hinaharap na ginagabayan ng ating mga pangkatamtaman at pangmatagalang layunin.
Dagdag pa sa paglilinaw ng mga pangunahing lapit ng ating mga mithiin, na dapat ibahagi sa lahat ng ating residente, nagsisilbi ring pangunahing gabay ang planong ito para sa mga patakaran ng pamahalaan ng prefecture, na binabalangkas ang trabahong dapat nating gawin sa susunod na limang taon.

## Panahon

Nakatakdang magsimula ang programa sa 2021 (Reiwa 3) at tatagal hanggang 2025 (Reiwa 7)

# Pangunahing estruktura ng"Tochigi Mirai Sozo Plan"

## <Bahagi 1> Isang Tinatarget na Larawan ng Kinabukasan ng Tochigi

Ⅰ Mga Trend sa mga Panahon at ang mga Problema ng Tochigi

Ⅱ Kalakasan ng Tochigi

Ⅲ Mga Pagtataya ng Populasyon sa Hinaharap

**Mga bagong pananaw**

- Digitalization
- Bagong pang-araw-araw na pamumuhay
- Mga SDG

### Ⅳ Mga Pananaw ng Tochigi sa Hinaharap

1 Ang Imahen ng Tochigi sa Hinaharap

**Tochigi: isang masigla at maipagmamalaking prefecture sa hinaharap, kung saan puwedeng mamuhay ang mga tao at puwedeng umunlad ang rehiyon**

- ◆ Tochigi: pinapaunlad ang susunod na henerasyon para lumaking malakas at gumampan ng isang aktibong papel sa kanilang mga komunidad
- ◆ Tochigi: ang prefecture kung saan may magkakaibang kaakit-akit na industriya na nagdudulot ng kasiglahan at kaginhawahan
- ◆ Tochigi: ang prefecture kung saan namumuhay ang mga tao nang mapayapa at malusog habambuhay
- ◆ Tochigi: isang matatag at maunlad na prefecture na sumusuporta sa mga komportable at ligtas na pamumuhay
- ◆ Tochigi: isang prefecture na pinag-uugnay ang maipagmamalaking rehiyon at ang mayamang kalikasan sa hinaharap

2 Mga Pangunahing Lapit Tungo sa Pagsasakatuparan ng Imahen ng Tochigi sa Hinaharap

(1) Lahat ng mamamayan ng prefecture ay magtutulungan at gagampan ng kanilang papel bilang mga may-ari ng responsibilidad.
(2) Makikiisa at makikipag-ugnayan sa isa't isa ang buong rehiyon
(3) Magpapalaganap at magsusulong ng kagandahan ng Tochigi sa lahat ng aspekto

## <Bahagi 2> Paunlarin ang Tochigi Tungo sa Pagsasakatuparan ng Imahen ng Tochigi sa Hinaharap

### Ⅴ Mga Pangunahing Diskarte

1. Pangunahing diskarte 1 — Diskarte sa Pagbuo ng Mapagkukunan ng Tao
2. Pangunahing diskarte 2 — Diskarte sa Pagbuo ng Industriya
3. Pangunahing diskarte 3 — Malusog, May Mahabang Buhay at Symbiotic na Lipunan
4. Pangunahing diskarte 4 — Diskarte sa Kaligtasan at Seguridad
5. Pangunahing diskarte 5 — Diskarte sa Panrehiyon at Pangkalikasan

### Ⅵ Mga Nilalaman ng mga Pangunahing Diskarte

1 Pagsusulong ng pamahalaan ng prefecture sa pamamagitan ng pagtutulungan
2 Pagtataguyod ng mga Institusyong Administratibo at Pampinansyal
3 Pagsusulong ng awtonomiya ng Tochigi sa pamamagitan ng pakikiisa at pakikipagtulungan sa mga bayan.
4 Kaugnayan sa 15 Diskarte sa Pagbuo ng Tochigi (ikalawang yugto)

<Bahagi 1>

# I Mga Trend ng mga Panahon at mga Problema ng Tochigi

## 1 Pagbaba ng populasyon, mababang rate ng panganganak, at mabilis na tumatandang lipunan

Mga Pagbabago sa demograpikong estruktura dahil sa pagbaba ng populasyon, mababang rate ng panganganak at tumatandang populasyon, tumataas na migrasyon papuntang Tokyo, at paglaganap ng mga dayuhang imigrante, atbp.

## 2 Pagbabago sa kapaligiran ng ekonomiya

Pag-unlad ng mga makabagong pagbabago sa teknolohiya tungo sa pagpapatupad ng "Lipunan 5.0", pag-unlad ng pang-ekonomiyang pakikipagtulungan sa ibang bansa, pagbabawas ng lakas paggawa, atbp.

## 3 Mga pagbabago sa kapaligiran ng pamumuhay

Pagkakaiba-iba ng mga pangangailangan sa edukasyon at pangangalaga ng bata, pagpapalawak ng mga benepisyo sa panlipunang kasiguruhan, mas mataas na panganib sa mga kalamidad, mas mababang kasiglahan ng rehiyon, atbp.

## 4 Mga Panrehiyong Aktibidad, Pambansang Pista ng Isports ng Japan sa Tochigi (Ichigo Ichie Tochigi Kokutai)

Mga heograpikal na bentahe ng prefecture, pag-akit sa mga lokal na likas na mapagkukunan, pagsusulong ng kalusugan sa pamamagitan ng isports at pagpapalawak ng pagpapalitan, atbp.

## 5 Pamamahala ng Lokal na Pamahalaan

Matatag na estruktura ng pananalapi, pinataas na administratibong gastos, epektibong administratibong pamamahala, atbp.

**Epekto ng pagkalat ng bagong variant ng coronavirus**

## 6 Mga Trend ng Modernong Panahon

### (1) Pagsusulong ng digitalization tungo sa pagasakatuparan ng Lipunan 5.0

Mahalaga na isulong ang digitalization tungo sa pagsasakatuparan ng Lipunan 5.0 na magsusulong na makamit ang pag-unlad ng ekonomiya at matugunan ang mga panrehiyong isyu, para patuloy na makapamuhay ang mga tao ng lahat ng edad sa buong prefecture nang may kapanatagan ng isip.

### (2) Pagsasakatuparan ng "bagong pang-araw-araw na pamumuhay"

Para iwasan ang pagkalat ng bagong variant ng coronavirus at patuloy na maipatupad ang mga aktibidad na panlipunan at pang-ekonomiya, mahalaga na matutuhan ng bawat mamamayan ang 'bagong pang-araw-araw na pamumuhay", tanggapin ang bagong kakaibang common sense at mga pagpapahalaga, at isagawa ang "bagong pang-araw-araw na pamumuhay".

### (3) Pagkamit ng mga SDG


Kabilang sa mga SDG ang mga pandaigdigang layunin na tutugon sa iba't ibang isyung pang-ekonomiya, panlipunan, at pangkalikasan ng mundo sa isang pinagsama-samang paraan. Sa Prefecture ng Tochigi, mahalaga na paghusayin ng lahat ng kalahok, kabilang ang pamahalaan, mga mamamayan, mga kompanya, at mga NPO, ang kanilang pag-unawa nito at kumilos batay sa mga prinsipyo ng mga SDG.

SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS

# II Kalakasan ng Tochigi

## ① Magandang Lokasyon at Kapaligiran

- ○ Magagandang heograpikal at pangkalikasang tampok, pati na rin ang kaginhawahang dulot nito dahil sa pagiging malappit ng Tochigi sa Tokyo
- ○ Ang ligtas at malawak na lupain sa Prefecture ay angkop na lugar para tirhan at para sa pagpapaunlad ng ekonomiya dahil a mga bentahe na mayamang mapagkukunan ng tubig at madalang na pagkakaroon ng malalakas na lindol.




## ② Mga Pangkasaysayan at Pangkulturang Tampok na Kinuha mula sa Pambihirang Kalikasan at Kahanga-hangang Rehiyon


Mga dahon ng Taglagas ng Bundok Chausu



makasaysayang lugar ng Paaralang Ashikaga


Mga kalakal ng Mashiko

## ③ Isang Masiglang Industriya


- ○ Maging isa sa mga nangungunang "manufacturing na prefecture" na nakasentro sa mga sasakyan, aerospace, medikal na kagamitan, atbp.
- ○ Pagiging isa sa mga prefecture na may pinakamataas na income per capita sa Japan (ika- 3 posisyon noong 2017)

**Composition ratio ng mga pangunahin, pangalawa, at pangatlong industriya sa GDP ng prefecture (nominal) (FY2017)**




Sanggunian: "Taunang Ulat tungkol sa mga Account ng Prefecture" ng Tanggapan ng Gabinete, Pamahalaan ng Japan (noong Oktubre 2020)

**Limang nangungunang prefecture na may pinakamataas na proporsyon ng industriya ng manufacturing sa GDP ng prefecture (nominal) (FY2017)**





Sanggunian: "Taunang Ulat tungkol sa mga Account ng Prefecture"ng Tanggapan ng Gabinete, Pamahalaan ng Japan (noong Oktubre 2020)

# <Bahagi 1> Ⅲ Mga Pagtataya ng Populasyon sa Hinaharap


Ang kabuuang populasyon ng Prefecture ng Tochigi ay inaasahang lubhang mababawasan sa tinatayang 1.3 milyon sa 2060, kung patuloy na bababa ang mababang bilang ng panganganak at magpapatuloy ang migrasyon palabas ng prefecture.

**Mga pagbabago sa bilang ng panganganak at pagkamatay sa Prefecture ng Tochigi**




Sanggunian: "Pangunahing Estadistika ng Japan". Ministry ng Kalusugan, Paggawa, at Kagalingan ng Japan

**Net na migrasyon sa pagitan ng prefecture ng Tochigi at malalaking prefecture (2019 mga Japanese)**




Sanggunian: "Pangunahing Ulat sa Migrasyon ng Populasyon ng Rehistro ng Residente", Ministry ng Panloob na Ugnayan at Komunikasyon ng Japan

**Pagpapahusay ng kabuuang rate ng fertility**

| Pamantayang dami (2018) | | 2045 |
|---|---|---|
| 1.44 | → | 2.07* |


* Rate ng panganganak na nagpapanatili ng pangmatagalang laki ng populasyon

**Pag-aalis ng labis na migrasyon palabas**

| Pamantayang dami (2019) | | 2030 |
|---|---|---|
| -3,518 tao | → | ± 0 tao |

Kapag naisakatuparan ang mga pagtataya para sa kabataan, pagbubuntis/panganganak, pag-aalaga ng anak, migrasyon, atbp, ang kabuuang populasyong inaasahan na hihigit sa 1.5 milyong tao ay makakamit sa 2060.

**Mga pagbabago sa kabuuang populasyon at tinatayang populasyon sa hinaharap pagsapit ng 2060 sa Prefecture ng Tochigi(Kaso ng pagsunod sa trend / Kaso ng Pagpapahusay)**




Sanggunian: Pagtataya ng Departamento ng Patakaran, pagpaplano, at Pambayang Ugnayan ng Prefecture ng Tochigi (Oktubre 2019)

<Bahagi 1>

# Ⅳ Ang Imahen ng Tochigi sa Hinaharap

Sa balangkas ng planong ito, ang imahen ng Tochigi sa hinaharap ay:

**Tochigi: isang masigla at maipagmamalaking prefecture sa hinaharap,kung saan ang mga tao ay puwedeng mamuhay at ang rehiyon ay puwedeng umunlad**

Ang mga imahen sa hinaharap sa mga partikular na aspekto ay ang sumusunod:

- **Tochigi: pinapaunlad ang susunod na henerasyon para lumaking malakas at gumampan ng isang aktibong papel sa kanilang mga komunidad**
- **Tochigi: ang prefecture kung saan may magkakaibang kaakit-akit na industriya na nagdudulot ng kasiglahan at kaginhawahan**
- **Tochigi: ang prefecture kung saan namumuhay ang mga tao nang mapayapa at malusog habambuhay**
- **Tochigi: isang matatag at maunlad na prefecture na sumusuporta sa mga komportable at ligtas na pamumuhay**
- **Tochigi: isang prefecture na pinag-uugnay ang maipagmamalaking rehiyon at ang mayamang kalikasan sa hinaharap**

Gagawin namin ang aming makakaya para maisakatuparan ito sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga tao sa prefecture.

# Ⅳ Ang Imahen ng Tochigi sa Hinaharap

## Mga pangunahing lapit tungo sa pagsasakatuparan ng imahen ng Tochigi sa hinaharap

Para magbukas ng bagong henerasyon na puno ng mga pangarap at pag-asa, kailangang isakatuparan ng mga tao, lokal na pamahalaan, NPO, organisasyon, at kompanya sa prefecture ang kan-kanilang papel anuman ang kanilang edad, kasarian, kapansanan, atbp. at para lalong maisulong ang pagkakaisa sa prefecture.

Kung gayon, sa balangkas ng planong ito, para maisakatuparan ang imahen ng Tochigi sa hinaharap kasa ma ng lahat ng tao sa prefecture, isusulong namin ang pagpapaunlad ng Tochigi ayon sa tatlong sumusunod na pangunahing lapit.

**(1) Lahat ng mamamayan ng prefecture ay magtutulungan at gagampan ng kanilang papel bilang mga may-ari ng responsibilidad.**

**(2) Makikiisa at makikipag-ugnayan sa isa't isa ang buong rehiyon**

**(3) Magpaplaganap at magsusulong ng kagandahan ng Tochigi sa lahat ng aspekto**

## <Bahagi 2>

# V Mga Pangunahing Diskarte

Narito ang mga pangunahing diskrarte na kailangang pagtuunan ng pansin sa susunod na 5 taon upang lubos na mapakinabangan ang kalakasan ng Tochigi at maisakatuparan ang imahen ng Tochigi sa hinaharap.
Dapat nilang tulungan ang Tochigi na malampasan ang mga kasalukuyang problema sa prefecture na ito, gaya ng pagbaba ng populasyon, pagbaba ng bilang ng panganganak at tumatandang populasyon, mga madalas at malalang kalamidad, ang pagkalat ng bagong strain ng coronavirus, para maipagpatuloy ang pagsusulong ng bagong Tochigi.




Para maisakatuparan ang imahen ng Tochigi sa hinaharap, isusulong namin ang mga aktibidad na nakalista sa limang pangunahing diskarte, at isaagawa ang "Pagsusulong ng pamahalaan ng prefecture sa pamamagitan ng pagtutulungan", "Pagtataguyod ng mga institusyong pang-administratibo at pampinansyal", at "Pagsusulong ng awtonomiya ng Tochigi sa pamamagitan ng pakikiisa at pakikipagtulungan sa mga bayan" bilang mga pundasyon ng mga aktibidad na ito.
Habang isinusulong ang pagpapatupad ng mga nasabing aktibidad, ilalapat namin ang mga bagong pananaw na "Pagsusulong ng digitalization", "Pagsasagawa ng bagong pang-araw-araw na pamumuhay" at "Pagkumpleto ng mga SGD" batay sa pundasyon ng mga pangunahing lapit na "Aktibong papel ng mga mamamayan ng prefecture", "Panrehiyong pagkakaisa at pakikipag-ugnayan", "Tumpak na pagpapakalat at pagsusulong ng kagandahan ng Tochigi".

# Mga Nilalaman ng mga Pangunahing Diskarte

| Ang Imahen ng Tochigi sa Hinaharap | | Mga Pangunahing Diskarte | Mga Proyekto |
|---|---|---|---|
| Tochigi: isang masigla at maipagmamalaking prefecture sa hinaharap, kung saan puwedeng mamuhayang mga tao at puwedeng umunlad ang rehiyon | Tochigi:pinapaunlad ang susunod na henerasyon para lumaking malakas at gumampan ng isang aktibong papel sa kanilang mga komunidad | Mga Pangunahing Diskarte 1 Estratehiya sa Pagbuo ng Mapagkukunan ng Tao | 1 Proyekto sa Pagbuo ng Mapagkukunan ng Tao para sa kinabukasan ng Tochigi<br>2 Proyektong "Mga nagniningning na ngiti" tungkol sa Suporta sa Pag-aalaga ng Anak<br>3 Proyekto sa Pagsusulong ng Isports, Kasaysayan, Kultura, at Sining |
| | Tochigi: ang prefecture kung saan may magkakaibang kaakit-akit na industriya na nagdudulot ng kasiglahan at kaginhawahan | Mga Pangunahing Diskarte 2 Diskarte sa Pagbuo ng Industriya | 1 Proyekto sa pagbuo ng Industriya para sa Pagbuo sa Tochigi sa Hinaharap<br>2 Proyekto sa Pagsasakatuparan ng Masiglang Agrikultura at Panggugubat<br>3 Proyekto sa Tagumpay ng Turismo sa Prefecture<br>4 Proyekto saPagsusulong ng Pandaigdigang Diskarte |
| | Tochigi: ang prefecture kung saan namumuhay ang mga tao nang mapayapa at malusog habambuhay | Mga Pangunahing Diskarte 3 Malusog, may Mahabang Buhay at Symbiotic na Lipunan | 1 Proyekto sa 100-Taong Malusog na Pamumuhay<br>2 Proyekto sa Panghabambuhay na Maaasahang Medikal - Narsing na Pangangalaga<br>3 Proyekto sa Pagsusulong ng Magkakaibang Mapagkukunan ng Tao<br>4 Proyekto sa Pagbuo ng Symbiotic na Lipunan – kung saan walang sinumang naiiwan |
| | Tochigi: isang matatag at maunlad na prefecture na sumusuporta sa mga komportable at ligtas na pamumuhay | Mga Pangunahing Diskarte 4 Diskarte sa Kaligtasan at Seguridad | 1 Proyekto sa Pagpapahusay ng Pagtugon sa Krisis<br>2 Proyekto sa Pagpapahusay ng Lupa sa Prefecture<br>3 Proyekto sa Pagpapahusay ng Kaligtasan at Seguridad |
| | Tochigi: isang prefecture na pinag-uugnay ang maipagmamalaking rehiyon at ang mayamang kalikasan sa hinaharap | Mga Pangunahing Diskarte 5 Diskarte sa Panrehiyong Kalikasan | 1 Proyekto tungkol sa pagpapahusay ng Pagiging Kaaya-aya ng Bayan<br>2 Proyekto tungkol sa Pagbubuo ng Matitirhang Lungsod<br>3 Proyekto tungkol sa Pagbubuo ng Komunidad na Nangangalaga ng Kalikasan at Sustainable<br>4 Proyekto tungkol sa Pagbubuo ng Bagong Teknolohiya na may Makabagong Teknolohiya |


Pagkakaroon ng mga Anak: ang Kinabukasan ng Tochigi


Ganap na ginagamit ng mga pabrika ang mga teknolohiya gaya ng AI/IoT at robotics


Pisikal na pag-eehersisyo para mapahusay ang kalusugan


Pagsasanay sa pagsagip ng iba sa pakikipagtulungan sa mga kaugnay na organisasyon


Panrehiyong pagpapasigla sa pamamagitan ng mga kaganapan sa pagbibisikleta

Mga Pangunahing Diskarte 1

# Estratehiya sa Pagbuo ng Mapagkukunan ng Tao

## 1 Proyekto sa Pagbuo ng Mapagkukunan ng Tao para sa kinabukasan ng Tochigi



Paggamit ng ICT sa edukasyon

### Mga Mithiin ng Proyekto

Para maisakatuparan ang mga pangarap at inaasahan ng bawat bata, bibigyan natin ang mga bata ng "matatag na kakayahang pang-akademiko", "maunlad na pagkatao," at "Pagmamahal para sa bayang pinagmulan". Bubuo kami ng mga mapagkukunan ng tao na mangunguna sa kinabukasan ng Tochigi sa pakikipagtulungan ng lokal na komunidad.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- **Pagpapaunlad ng matatag na kakayahang pang-akademiko, maunlad na pagkatao, at pagmamahal sa bayang pinagmulan**
- **Pagsusulong ng edukasyon na nagpapalawak sa kakayahan ng bawat indibidwal**
- **Pagsusulong ng natatanging edukasyon sa paaralan sa pamamagitan ng pakikiisa at pakikipagtulungan sa mga lokal na komunidad**
- **Pagsusulong ng edukasyon at pagtataguyod ng sistema ng pagpapayo sa paaralan para sa bagong panahon**
- **Pagpapaunlad ng mga kalidad at kakayahan na may kaugnayan sa digitalization**



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | ① Average na iskor para sa bawat subject sa Pambansang Pagtatasa ng Kakayahang Pang-akademiko (National Assessment of Academic Ability) |
|---|---|
| Kasalukuyang halaga | 2019<br>Paaralang elementarya, ika- 6 na baitang (Paaralang elementarya, ika-6 na baitang) **99.5**<br>JPaaralang junior high school, ika 3 baitang (Japanese, Mathematics, English) **99.7** |
| Target na halaga | **2025**<br>**Paaralang elementarya at junior high school: Malampasan ang pambansang average (100.0)** |

Sanggunian: ① “Pambansang Pagtatasa ng Kakayahang Pang-akademiko”, Ministry ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya ng Japan

Mga Pangunahing Diskarte 1

# Estratehiya sa Pagbuo ng Mapagkukunan ng Tao

## 2 Proyektong "Mga nagniningning na ngiti" tungkol sa Suporta sa Pag-aalaga ng Anak



Malusog na paglaki at pag-unlad ng mga bata

### Mga Mithiin ng Proyekto

Dagdag pa sa edukasyon para sa mga bata sa mga sambahayan, daycare center, at paaralan, hihikayatin din namin ang pagbuo ng isang malawakang kapaligiran ng lipunan para sa pagpapalaki ng mga anak para matugunan ang mga pangangailangan ng pag-aasawa, pagbubuntis, panganganak, at pag-aalaga ng anak.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- **Pagpapahusay ng suporta sa pag-aasawa**
- **Pagpapahusay ng suporta as pagbubuntis, panganganak at pagpapalaki ng anak**
- **Pagbuo ng ecosystem na pumoprotekta at sumusuporta sa lahat ng bata mula a mga problema tulad ng kahirapan at karahasan sa tahanan**

| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | | Kasalukuyang halaga | Target na halaga |
|---|---|---|---|
| ① | Rate ng pag-aasawa (kada 1,000 populasyon) | 2019 4.5 (ika-15 posisyon sa Japan) | 2025 Target na paglago |
| ② | Bilang ng mga batang naghihintay para sa paaralang nursery (noong ika-1 ng Oktubre) | 2020 74 | 2025 0 |

Sanggunian: ① "Mahalagang Estadistika", Ministry ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan ng Japan
② "Survey sa bilang ng mga batang naghihintay sa paaralang nursery", Ministry ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan ng Japan

Mga Pangunahing Diskarte 1

# Estratehiya sa Pagbuo ng Mapagkukunan ng Tao

## 3 Proyekto sa Pagsusulong ng Isports, Kasaysayan, Kultura, at Sining



Pagpapahusay ng pisikal na lakas ng mga bata sa pamamagitan ng isports

### Mga Mithiin ng Proyekto

Dagdag pa sa pagpapahusay ng pisikal na fitness ng mga bata, sa tulong ng pagtataguyod ng Pambansang Pista ng Isports ng Japan sa Tochigi (Ichigo Ichie Tochigi Kokutai), hihikayatin namin ang pagtataguyod ng isang kapaligiran kung saan puwedeng "maglaro", "manood", at "sumuporta" sa isports ang lahat ng tao sa prefecture, pati na rin ang pagsusulong sa pag-unlad ng tao para suportahan ang mga aktibidad sa isports.
Dagdag pa, isusulong namin ang pag-unawa ng kasaysayan at kultura sa mga residente ng prefecture, pati na rin ang pagbuo ng kapaligiran kung saan ang lahat ay maaaring matuto ng kultura at sining, at aktibong makakapagtrabaho.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- ◆ **Isulong ang pisikal na fitness at mas malusog na katawan sa mga bata sa pamamagitan ng mga aktibidad sa isports**
- ◆ **Pag-unlad ng tao sa pamamagitan ng Pambansang Pista ng Isports ng Japan sa Tochigi**
- ◆ **Pataasin ang bilang ng mga taong gustong sumuporta sa rehiyon sa pamamagitan ng kasaysayan, kultura, at sining ng Tochig**



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | Kasalukuyang halaga | Target na halaga |
|---|---|---|
| ① Pagkakaiba mula sa bagong mga pambansang kabuuang iskor sa pisikal na fitness | 2019<br>Paaralang elementarya, ika 5 baitang<br>Lalaki −1.17 puntos<br>Babae −0.10 puntos<br>Paaralang junior high, ika 2 baitang<br>Lalaki −0.37 puntos<br>Babae 0.35 puntos | **2025**<br>**Malampasan ng mga lalaki at babaeng mag-aaral ng paaralang elementarya at junior high school ang mga pambansang average na iskor** |
| ② Bilang ng mga bisita sa mga pampublikong pangkulturang pasilidad ng prefecture | 2019 670,000 tao | **2025 700,000 tao** |

Sanggunian: ① "Pambansang Survey sa Pisikal na Fitness, Pang-atletikong Performance, at Mga Gawi sa Pag-eehersisyo", Ahensyang Pang-isports ng Japan
② Departamento ng Buhay ng Prefecture ng Tochigi

Mga Pangunahing Diskarte 2

# Diskarte sa Pagbuo ng Industriya



Linya ng produksyon sa planta ng pagbuo ng sasakyan

## 1 Proyekto sa pagbuo ng Industriya para sa Pagbuo sa Tochigi sa Hinaharap

### Mga Mithiin ng Proyekto

Tungo sa tuloy-tuloy na pagbuo ng industriya sa prefecture, pinabilis namin ang ekonomiya ng prefecture sa pamamagitan ng paglikha ng mga industriya ng susunod na henerasyon na susuporta sa pag-unlad ng susunod na henerasyon, na lalong magsusulong sa mga industriya ng serbisyo at manufacturing, makakaakit ng mga madiskarteng negosyo, at magpapaunlad ng pang-industriyang mapagkukunan ng tao.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- ◆ Paglikha at pagpapaunlad ng mga industriya ng susunod na henerasyon
- ◆ Pagsuporta sa pagbubuo ng mga SME (small-medium enterprises), lalo na iyong nasa industriya ng serbisyo
- ◆ Madikarteng pagsusulong ng industriya ng manufacturing
- ◆ Pagsusulong ng pagtataguyod at pagpoposisyon ng kompanya
- ◆ Paghahanap at pagsasanay ng mga pang-industriyang mapagkukunan ng tao



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | Kasalukuyang halaga | Target na halaga |
|---|---|---|
| ① Halaga ng na-manufacture na produkto | 2018<br>JPY 9,211.1 bilyon<br>(ika-12 posisyon sa Japan) | 2024<br>**Lampasan ang kasalukuyang halaga＊** |
| ② Kita ng industriya ng serbisyo | 2018<br>JPY 9,121.3 bilyon<br>(ika-18 posisyon sa Japan) | 2024<br>**Lampasan ang kasalukuyang halaga＊** |

Sanggunian: ① "Survey sa Estadistika ng Industriya", Ministry ng Ekonomiya, Pangangalakal, at Industriya ng Japan
② "Survey sa Estruktura ng Ekonomiya", Ministry ng Pnoob na Ugnayan at Komunikasyon ng Japan, Ministry ng Ekonomiya, Pangangalakal, at Industriya ng Japan

＊Susuriin ang target na dami batay sa estado at mga epekto ng bagong variant ng coronavirus.

Mga Pangunahing Diskarte 2

# Diskarte sa Pagbuo ng Industriya

## 2 Proyekto sa masiglang agrikultura at panggugubat



Pagsusulong ng matalinong agrikultura at panggugubat sa pamamagitan ng pagmamaneho na hindi ginabayan ng tao

### Mga Mithiin ng Proyekto

Paghuhusayin namin ang pagiging produktibo sa pamamagitan ng paggamit ng advanced na teknolohiya, pagsusulong ng pagbuo ng isang kapaligiran kung saan puwedeng gampanan ng mga kabataan at kababaihan ang kanilang mga aktibong papel bilang mga nagmamay-ari ng responsibilidad.

Layunin naming isulong ang pagpapaunlad ng agrikultura at panggugubat sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga negosyong may mataas ng kita at pagbubuo ng sistema ng tuloy-tuloy na supply.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- **Paghahanap at pagpapaunlad ng mga pinuno ng negosyo na magsusulong ng susunod na henerasyon ng sektor ng agrikultura at panggugubat**
- **Pagpapaunlad ng lumalagong sektor ng agrikultura ng tuloy-tuloy na pag-unlad**
- **Pagpapabilis ng ebolusyon at paglago ng panggugubat at mga sektor ng troso sa pamamagitan ng paggamit ng advanced na teknolohiya**



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | | Kasalukuyang halaga | Target na halaga |
|---|---|---|---|
| | ① Halaga ng produkto ng agrikultura | 2018 JPY 287.1 bilyon (ika-9 na posisyon sa Japan) | 2024 JPY 320 bilyon |
| | ② Halaga ng produkto ng panggugubat | 2018 JPY 10.71 bilyon (ika-12position in Japan) | 2024 JPY 13.5 bilyon |

Sanggunian: ①"Estadistika sa Kita mula sa Pang-agrikulturang Produksyon", Ministry ng Agrikultura, Panggugubat, at Pangingisda ng Japan
②"Estadistika ng Agrikultura, Panggugubat, at Pangingisda ", Ministry ng Agrikultura, Panggugubat, at Pangingisda ng Japa

Mga Pangunahing Diskarte 2

# Diskarte sa Pagbuo ng Industriya

## 3 Proyekto sa Tagumpay ng Turismo sa Prefecture



Ang kahanga-hangang kalikasan ng Okunikko

### Mga Mithiin ng Proyekto

Isusulong namin ang pagbubuo ng magagandang puntahan ng turista at hihikayat ng mga turista sa pamamagitan ng pagsasamantala sa mga panrehiyong lakas tulad ng ating magagandang pangkasaysayang pamana, ating mayamang likas na mapagkukunan ng turismo, at ang ating pagiging malapit sa Tokyo.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- ◆ **Pagsusulong ng pagbubuo ng magagandang puntahan ng turista**
- ◆ **Pagtataguyod ng isang sistema ng mga pasilidad para tanggapin ang mga turista**
- ◆ **Pagpapalakas sa paghikayat ng mga lokal na turista**



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | | Kasalukuyang halaga | Target na halaga |
|---|---|---|---|
| | ① Pagkonsumo ng turismo | 2019 JPY 705.4 bilyon | 2025 Lampasan ang kasalukuyang halaga* |

Sanggunian: ① "Estadistika sa bilang ng mga bisita batay sa mga pangkalahatang pamantayan", Ahensiya ng Turismo ng Japan
*Susuriin ang target na dami batay sa estado at mga epekto ng bagong variant ng coronavirus.

Mga Pangunahing Diskarte 2

# Diskarte sa Pagbuo ng Industriya

## 4 Proyekto sa Pagsusulong ng Pandaigdigang Diskarte




Exhibition sa THAIFEX

### Mga Mithiin ng Proyekto

Bubuo kami ng mga industriya ng prefecture at isasaayos ang rehiyon sa pamamagitan ng paghikayat ng mas maraming dayuhang turista, pagsuporta sa pagpapalawak ng mga negosyo ng prefecture sa ibang bansa, at ang pagpapalawak ng prefecture sa mga pandaigdigang merkado, pagsasamantala sa kagandahan at potensyal ng mga puntahan ng turista, mga produkto ng agrikultura ng prefecture at iba pang kalakal na siyang lakas ng prefecure ng Tochigi.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- **Pag-akit sa mas maraming dayuhang turista**
- **Pagsuporta sa pagpapalawak ng mga negosyo ng prefecture sa ibang bansa**
- **Pagsuporta sa pandaigdigang pakikipagpalitan at pakikiisa**
- **Pagsusulong ng mga export ng mga produktong ginawa sa prefecture at mga produktong pang-agrikultura ng ginawa sa prefecture**



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | Kasalukuyang halaga | Target na halaga |
| --- | --- | --- |
| ① Bilang ng dumating na dayuhang turista | 2019 247,000 tao | 2025 Lampasan ang kasalukuyang halaga* |
| ② Halaga ng export na produktong pang-agrikultura | 2019 JPY 310 milyong | 2025 JPY 1 bilyon |

Sanggunian: ① "Survey sa Pagtataya ng Pagdating at Pagtanggap ng Turista sa Prefecture ng Tochigi", Prefecture ng Tochigi
② Departamento ng Pamamahala ng Agrikultura ng Tochigi
*Susuriin ang target na dami batay sa estado at mga epekto ng bagong variant ng coronavirus.

Mga Pangunahing Diskarte 3

# Malusog, May Mahabang Buhay at Symbiotic na Lipunan

## 1 Proyekto sa 100-Taong Malusog na Pamumuhay



Pagsusulong ng Kalusugan para sa mga Magulang at Anak

### Mga Mithiin ng Proyekto

Hihikayatin namin ang maagang pag-iwas at diagnosis ng mga sakit, pagbubuo ng kapaligiran kung saan makakasunod ang lahat ng residente ng prefecture sa mas malulusog na pamumuhay, gaya ng pagkakaroon ng gawi sa pang-araw-araw na pag-eehersisyo mula sa murang edad.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- ◆ **Paghihikayat sa pagsasanay ng mental na kalusugan na may layuning manatiling malusog habambuhay**
- ◆ **Pagsusulong ng maagang pag-iwas at diagnosis ng mga sakit**



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | Kasalukuyang halaga | Target na halaga |
|---|---|---|
| ① Porsyento ng matatandang tao na may malusog na mahabang buhay | 2018 91.4 % (ika-6 na posisyon sa Japan) | 2024 91.4 % |
| ② Bilang ng kamatayan dahil sa tatlong nangungunang dahilan ng kamatayan (cancer, sakit sa puso, stroke) (kada 100,000 populasyon) | 2018 208.1 tao (ika-45 posisyon sa Japan) | 2024 186.5 tao |

Sanggunian: ①② Sentro ng Kalusugan at Kagalingan ng Prefecture ng Tochigi

Mga Pangunahing Diskarte 3

# Malusog, May Mahabang Buhay at Symbiotic na Lipunan

## 2 Proyekto sa Panghabambuhay na Maaasahang Medikal - Nursing na Pangangalaga



Isang posisyon para sa matatanda

### Mga Mithiin ng Proyekto

Dagdag pa sa paghahanda para sa pagkalat ng pandemya, paghuhusayin namin ang sistema sa pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan alinsunod sa mga aktuwal na kondisyon ng prefecture, para makapamuhay nang may kapanatagan ng isip ang mga tao sa posisyon na pamilyar sila.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- **Pagtataguyod at pagpapahusay ng panrehiyong sistema ng pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan bilang paghahanda sa pagkalat ng pandemya.**
- **Komprehensibong pagsuporta sa bawat yugto ng buhay para sa mga taong nangangailangan ng paggamot ng cancer at mga sakit sa pamumuhay**
- **Pagsusulong ng komprehensibong sistema sa pangangalaga sa komunidad**



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | Kasalukuyang halaga | Target na halaga |
| --- | --- | --- |
| ① Bilang ng mga dOktor na nagtatrabaho sa mga medikal na komunidad (kada 100,000 populasyon) | 2018 226.1 (ika-34 na posisyon sa Japan) | 2024 ika-31 posisyon sa Japan |
| ② Bilang ng mga manggagawa ng kaso (kada 10,000 populasyon na nangangailangan ng serbisyo ng mga manggagawa ng kaso | 2018 2,901 (ika-35 posisyon sa Japan) | 2024 3,201 |

Sanggunian: ① "estadistika ng mga Doktor, Dentista at Pharmacist", Ministry ng Kalusugan, Paggawa at Kagalingan ng Japan
② "Survey ng mga Pasilidad ng Serbisyo sa Pangangalaga - Mga Establisyimentong Pang-negosyo", Ministry ng Kalusugan, Paggawa at Kagalingan ng Japan

Mga Pangunahing Diskarte 3

# Malusog, May Mahabang Buhay at Symbiotic na Lipunan

## 3 Proyekto sa Pagsusulong ng Magkakaibang Mapagkukunan ng Tao



Lumilikha ng kapaligiran kung saan maginhawang nakakapagtrabaho ang lahat

### Mga Mithiin ng Proyekto

Isusulong namin ang pagbuo ng isang panlipunang kapaligiran kung saan puwedeng pleksibleng pumili mula sa iba't ibang estilo ng pagtatarabaho ang lahat ng tao, kabilang ang kababaihan, kabataan, matatanda, mga taong may kapansanan, mga dayuhan, atbp., at puwedeng gampanan ang isang aktibong papel sa lahat ng sitwasyong may kaugnayan sa bawat isa sa kanilang kapaligiran sa pamumuhay.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- ◆ Pagsusulong ng aktibong pakikilahok ng kababaihan sa lahat ng larangan
- ◆ Pagsusulong ng aktibong pakikilahok ng kabataan, matatanda, at mga taong may kapansanan, at mga dayuhan
- ◆ Pagsusulong ng pagtataguyod ng komportableng kapaligiran para sa trabaho



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | Kasalukuyang halaga | Target na halaga |
|---|---|---|
| ① Porsyento ng mga babaeng manggagawa (15-64 taong gulang) [Sa mga organisasyong may laki na hindi bababa sa 30 empleyado] | 2019 33.7 % | 2025 35.0 % |
| ② Rate ng pag-recruit ng mga taong may kapansanan | 2019 2.07 % (ika-43 posisyon sa Japan) | 2025 2.45 % |

Sanggunian: ①Departamento ng Industriya, Paggawa at Turismo ng Prefecture ng Tochigi
②"Estado ng trabaho ng mga taong may kapansanan", Ministry ng Kalusugan, Paggawa, at Kagalingan

Mga Pangunahing Diskarte 3

# Malusog, May Mahabang Buhay at Symbiotic na Lipunan

## 4 Proyekto sa Pagbuo ng Symbiotic na Lipunan – kung saan walang sinumang naiiwan



Disaster Prevention Class for Foreigners

### Mga Mithiin ng Proyekto

Isusulong namin ang pagsasakatuparan ng isang lipunan kung saan puwedeng magsama-sama ang mga bata, matatanda, taong may kapansanan, dayuhan, sekswal na minorya at itaguyod ang "mga lugar", "buhay", "puwersang nagtutulak", na lahat ay aktibo sa lipunan at magagarantiya na makakapamuhay nang maginhawa.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- ◆ **Pagbubuo ng kapaligiran kung saan lahat ay makakapamuhay nang may kapanatagan ng isip**
- ◆ **Pagsusulong ng pagsasama-sama ng mga taong may iba't ibang kultura**



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | | Kasalukuyang halaga | Target na halaga |
|---|---|---|---|
| ① Porsyento ng mga mamamayan ng prefecture na walang posisyon (partner) para makonsulta maliban sa kanilang kapamilya at kamag-anak kapag may problema | | 2019 10.6 % | 2025 Target ng Pagbabawas ng Ratio |

Sanggunian: ① "Survey ng Opinyon ng Prefecture", Prefecture ng Tochigi

Mga Pangunahing Diskarte 4

# Diskarte sa Kaligtasan at Seguridad

## 1 Proyekto sa Pagpapahusay ng Pagtugon sa Krisis



Pagbuo ng mga panrehiyong plano para maiwasan ang mga kalamidad

### Mga Mithiin ng Proyekto

Bilang paghahanda sa pagkakaroon ng malalaking kalamidad, patatatagin at magpapatupad kami ng mga hakbang na nakatuon sa 'pagtulong sa sarili - mutual na pagtutulungan - suporta ng komunidad". Ang mga residente ng prefecture ang magpapataas ng kamalayan tungkol sa pag-iwas at pag-mitigate sa mga kalamidad, at bibigyan ng kakayahan ang mga lokal na komunidad gamit ang sapat na mga kakayahan para malampasan ang mga krisis tulad ng mga kalamidad.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- ◆ **Pagpapataas ng kamalayan tungkol sa pag-iwas sa kalamidad, at paghikayat sa angkop na paglikas**
- ◆ **Pagpapalakas ng panrehiyong kakayahan sa pag-iwas sa kalamidad**
- ◆ **Pagpapahusay sa sistema para protektahan ang mga tao at ang rehiyon mula sa mga kalamidad**



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | Kasalukuyang halaga | Target na halaga |
|---|---|---|
| ① Porsyento ng mga mamamayan na nauunawaan ang impormasyon tungkol sa paglikas (5-antas na sistema na babala) | 2020 30.5 % | 2025 60.0 % |

Sanggunian: ① “Survey ng Opinyon ng Prefecture”, Prefecture ng Tochigi

Mga Pangunahing Diskarte 4

# Diskarte sa Kaligtasan at Seguridad

## 2 Proyekto sa Pagpapahusay ng Lupa sa Prefecture



pagpapahusay sa function ng hydrologic system sa pamamagitan ng rehabilitasyon ng ilog

### Mga Mithiin ng Proyekto

Para protektahan ng "buhay", "pag-aari", at "mga kabuhayan" ng mga tao sa prefecture mula sa malalaking kalamidad at lindol, sistematiko naming hihikayatin ang mahihigpit na hakbang tulad ng pangangalaga at pagpapanumbalik ng panlipunan kapital, at pagpapatupad ng paglaban sa sakuna ng lupa ng prefecture sa pamamagitan ng pagsaanib ng mga hakbang.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- ◆ **Pagsusulong ng pangangalaga sa panlipunang kapital para mapahusay ang paglaban sa mga kalamidad at protektahan ang mga buhay at kabuhayan ng mga tao sa prefecture**
- ◆ **Pagsusulong ng mga angkop na hakbang para makayanan ang pagkasira ng panlipunang capital**



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | | Kasalukuyang halaga | | Target na halaga | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ① Porsyento ng pagpapanumbalik ng mga lugar sa ilog sa Silangang Japan na nasira ng Bagyong Hagibis noong 2019 | | 2019 0 % | | 2025 100 % |

Sanggunian: ① Departamento ng Pangangalaga ng Lupa sa Prefecture ng Tochigi

Mga Pangunahing Diskarte 4

# Diskarte sa Kaligtasan at Seguridad

## 3 Proyekto sa Pagpapahusay ng Kaligtasan at Seguridad



Pagbibigay ng pansin sa matatanda

### Mga Mithiin ng Proyekto

Dapat protektahan ng mga tao sa prefecture ang kanilang mga sarili mula sa mga aksidente sa trapiko at krimen.
Ang buong rehiyon ay magsasama-sama para protektahan ang kanilang sarili at ibang tao, matiyak ang kaligtasan, seguridad, at mapayapang buhay para sa lahat.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- ◆ **Pagpapataas ng kamalayan sa kaligtasan sa trapiko at pagpapatatag ng mga hakbang para iwasan ang aksidente sa trapiko**
- ◆ **Pagtataguyod ng ligtas na komunidad sa pamamagitan ng pag-iwas at pagdakip sa mga kriminal**
- ◆ **Pagtiyak ng isang ligtas at protektadong buhay ng consumer**



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | Kasalukuyang halaga | Target na halaga |
|---|---|---|
| ① Bilang ng pagkamatay dahil sa mga aksidente sa trapiko | 2019 82 tao | **2025 75** tao |
| ② Bilang ng naitalagang kriminal na pag-atake | 2019 11,155 kaso | **2025 8,000** kaso |

Sanggunian: ①② Himpilan ng Pulisya ng Prefecture ng Tochigi

Mga Pangunahing Diskarte 5

# Diskarte sa Panrehiyong Kalikasan

## 1 Proyekto tungkol sa pagpapahusay ng Pagiging Kaaya-aya ng Bayan



Pagsusulong ng lugar sa pamamagitan ng mga pangkulturang tampok (Kaganapang Yamaage sa Karasuyama)

### Mga Mithiin ng Proyekto

Pagsusulong ng pagtatayo ng isang Tochigi kung saan gusto ng mga tao na bumisita at manirahan sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng pagkagiliw at pagmamalaki sa kanilang bayan ng Tochigi, paggamit ng mga oportunidad na ibinigay ng Tokyo Olympic and Paralympic Games at ng Pambansang Pista ng Sports ng Japan sa Tochigi (Ichigo Ichie Tochigi Kokutai) para laganap na itaguyod ang ganda ng Tochigi sa mga tao sa loob at laba ng prefecture.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- **Pagpapaunlad ng pagkagiliw at pagmamalaki sa Tochigi at paggawa at pagpapalawak ng "Mga Tochigi fan"'**
- **Paggawa ng bagong stream ng mga tao sa lipunan, na hinihikayat ang pagsusulong ng rehiyon gamit ang mga lokal na mapagkukunan**
- **Pagsusulong ng pagbubuo ng isang "nakabahaging lipunan"**



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | | Kasalukuyang halaga | | Target na halaga | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ① Bilang ng mga lokal na imigrante sa mga prefecture | | 2019 -3,518 tao | | 2025 -1,759 tao |

Sanggunian: ① "Pangunahing Ulat sa Migrasyon ng Populasyon ng Rehistro ng Residente", Ministry ng Panloob na Ugnayan at Komunikasyon ng Japan

Mga Pangunahing Diskarte 5

# Diskarte sa Panrehiyong Kalikasan

## 2 Proyekto tungkol sa Pagbubuo ng Matitirhang Lungsod



Pagpapanatili ng mga serbisyo ng pampublikong transportasyon para sa magiginhawang pamumuhay

### Mga Mithiin ng Proyekto

Isusulong namin ang pagbubuo ng masigla, sustainable at matitirhang "lungsod" para sa lahat sa pamamagitan ng pagbuo ng maliliit na pasilidad na isinasama ang mga function na may kaugnayan sa mga katangian ng rehiyon, pinapanatili at hinihikayat ang mga serbisyo ng pampublikong transportasyon, at pinapaunlad ang mga ugnayan sa pagitan ng mga rehiyon.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- ◆ **Pagbubuo ng maliliit na pasilidad na may kaugnayan sa mga katangian ng rehiyon.**
- ◆ **Pagpapanatili at pagpapahusay ng mga serbisyo ng pampublikong transportasyon**
- ◆ **Pagpapaunlad ng pagtutulungan sa rehiyon**



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | Kasalukuyang halaga | Target na halaga |
|---|---|---|
| ① Porsyento ng mga tao a prefecture na gustong iipagpatuloy ang paninirahan sa kanilang kasalukuyang lugar ng paninirahan | 2020 70.9 % | **2025 76.0 %** |
| ② Bilang ng mga taong gumagamit ng mga pampublikong tren at bus | 2018 236,000 tao/araw | **2024 Lampasan ang kasalukuyang dami***ﾠ|

Sanggunian: ① “Survey tungkol sa Opinyon ng Prefecture”, Tochigi Prefecture,
② Departamento ng Pangangalaga ng Lupa sa Prefecture ng Tochig

*Susuriin ang target na dami batay sa estado at mga epekto ng bagong variant ng coronavirus.

Mga Pangunahing Diskarte 5

# Diskarte sa Panrehiyong Kalikasan

## 3 Proyekto tungkol sa Pagbubuo ng Komunidad na Nangangalaga ng Kalikasan at Sustainable



Isang pasilidad na talagang maaasahan sa pag-supply ng enerhiya na isinasaalang-alang ang pagbabawasan ng emission ng CO2

### Mga Mithiin ng Proyekto

Isusulong namin ang pagbubuo ng Tochigi na nangangalaga ng komunidad at sustainable, gaya ng pagbuo ng komunidad na walang carbon na praktikal na inaalis ang mga green gas emission, binabawasan ang pabigat sa kalikasan sa pamamagitan ng paghikayat sa pagre-recycle ng mga materyales, at pagpapanatili at paggamit sa mayamang likas na kapaligiran.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- **Pagbubuo ng isang lipunan na malaya at may desentralisadong enerhiya gamit ang mga lokal na mapagkukunan**
- **Pagsusulong ng mga angkop na hakbang para makayanan ang epekto ng climate change**
- **Pagsusulong ng pagre-recycle ng mga mapagkukunan**
- **Pagbubuo ng komunidad na itinatampok ang magandang samahan ng tao at kalikasan:**



| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | ① Pagbawas sa rate ng emission ng greenhouse gas (kung ihahambing sa 2013) | Kasalukuyang halaga | 2017 4.8 % | Target na halaga | 2023 15.0 % |

Sanggunian: ① Manga Tanggapan para sa Kagubayan at Prefectuer ng Tochigi

Mga Pangunahing Diskarte 5

# Diskarte sa Panrehiyong Kalikasan

## 4 Proyekto tungkol sa Pagbubuo ng Bagong Teknolohiya na ay Makabagong Teknolohiya



Eksperimentong pagpapakita ng teknolohiya ng awtomatikong pagmamaneho sa mga lugar na pinupuntahan ng turista

### Mga Mithiin ng Proyekto

Tungo sa pagsasakatuparan ng Lipunan 5.0, ipapakilala namin ang aplikasyon ng mga advanced na teknolohiya sa pagbubuo ng Tochigi, para mabuo ang pang-ekonomiyang paglago ng prefecture at tugunan ang mga panrehiyong isyu.

### Mga Pangunahing Aktibidad

- **Pagbubuo ng isang kapaligiran tungo sa aplikasyon ng mga advanced na teknolohiya**
- **Pagsuporta sa paggamit ng ng mga advanced na teknolohiya para tugunan ang mga panrehiyong isyu**
- **Pagpapanatili at pagsasanay ng mga digital na mapagkukunan ng tao**
- **Pagsusulong ng digital na pamahalaan**



| Mga tagapagpahiwatig ng resulta | | Kasalukuyang halaga | | Target na halaga | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ① Bilang ng mga panrehiyong kaso na ganap/bahagyang natugunan gamit ang mga advanced na teknolohiya | | 2020 — | | 2021−2025 (cumulative) **10 kaso** |

Sanggunian: ① Estadistika mula sa Departamento ng Pangkalahatang Patakaran sa Prefeture ng Tochigi

# Ⅵ Pagsusulong ng mga pangunahing diskarte

## 1 Pagsusulong ng pamahalaan ng prefecture sa pamamagitan ng pagtutulungan

Sa iisang pananaw na "Tinutulungan ng lahat ng rehiyon ang isa't isa at binubuo ang susunod na henerasyon", maraming partido ang epektibong makakalahok sa pagbuo ng Tochigi at paglikha ng isang masiglang lipunan.
Hinihikayat namin ang panrehiyong pagtutulungan kasama ng panlalawigang pamahalaan, na bukas sa mga mamamayan ng prefecrture.

## 2 Pagtataguyod ng mga institusyong administratibo at pampinansyal

Para epektibong magamit ang mga pampinansyal at administratibong mapagkukunan at makapagbigay ng mga administratibong serbisyo na may mataas na antas ng kasiyahan ng mga mamamayan, isusulong namin ang mga panlalawigang pamahalaan sa isang maaasahan at produktibong paraan, na nagsisikap itaguyod ang isang malayang pampinansyal na pasilidad at isang masiglang sistema ng pagpapatupad batay sa pagpipilian at pagtuon ng pansin.

## 3 Pagsusulong ng awtonomiya ng Tochigi sa pamamagitan ng pakikiisa at pakikipagtulungan sa mga bayan.

Sa panahon ng lokal na desentralisasyon, para makamit ang higit pang pag-unlad sa Tochigi sa hinaharap, pagtutuunan namin ng pansin ang mga bayan, maglalahok ng mga panrehiyong pagtingin, paghuhusayin ang mga ugnayan at pakikiisa, at tumpak na pamamahalaan ang repomasyon ng lokal na desentralisasyon sa pamamagitan ng angkop na pagbabahagi ng aming mga responsibilidad sa mga bayan.
Gagampanan nila ang isang mahalagang papel sa rehiyon, mauunawaan ang mga pangangailangan ng mga tao at aktibong gagawa ng mga aksyon.

<Bahagi 2> Ⅵ Pagsusulong ng mga pangunahing diskarte

## 4 Kaugnayan sa 15 Diskarte sa Pagbuo ng Tochigi (ikalawang yugto)

May ilang problema sa kasalukuyan, gaya ng lumiliit na populasyon, pagbaba ng rate ng fertility (kakayahang magkaanak) at ang tumatandang populasyon dahil sa pagbaba ng bilang ng panganganak at pagtaas ng migrasyon papunta sa Tokyo.
Lahat ng ito ay mga kagyat na isyung dapat tuloy-tuloy at sabay-sabay a matugunan sa Tochigi.
Para malampasan ang pagbaba ng populasyon at mapanatili ang sigla ng rehiyon sa hinaharap, gumawa kami ng 15 Diskarte sa Pagbuo ng Tochigi hanggang Marso 2020, na may 4 na pangunahing mithiin at 1 pangkalahayang layunin.
Kasalukuyan kaming nagsusulong ng pagpapatupad ng mga patakaran at hakbang batay sa 15 diskarteng ito.

**Direksyon ng mga hakbang para maisakatuparan ang mga inaasam sa hinaharap**



**15 diskarte para kontrolin ang pagbaba ng populasyon**

- **Pagpapaunlad at pagsusulong ng pananatili ng mga mas batang henerasyon, na silang bubuo sa Tochigi sa hinaharap**
- **Pagsusulong ng migrasyon – paninirahan**
- **Pagsasakatuparan sa mga hinahangad na pag-aasawa, pagbubuntis, panganganak, at pagpapalaki ng mga anak**



Na-edit at nailathala ng Prefecture ng Tochigi
1-1-20 Hanawada Utsunomiya, Tochigi Prefecture, Japan 320-8501
Departamento ng Patakaran, Pagpaplano, at Pambayang Ugnayan, Dibisyon ng Patakaran, Pagpaplano, at Pambayang Ugnayan
TEL 028-623-2206 FAX 028-623-2216 https://www.pref.tochigi.lg.jp/

Pebrero 2021